

# Panalangin para sa Yubileo ng Diyosis (Tagalog)

Walang hanggan at tapat na Diyos,
dakilang pag-ibig at mahal na Espiritu Santo,
sa loob ng maraming nagdaang Siglo pinagkaloob mo
sa puso ng bawa`t isa sa aming bansa
ang gising na pananampalataya at pag-asa.

Sa lungsod ng St. Gallen at sa Appenzell,
sa Rhinetal at sa Werdenberg,
sa Sarganserland at sa Kasulukan ng Linthgebiet,
sa Fürstenland at Toggenburg -
saanman maririnig ng mga tao ang iyong mensahe,
na naging tao kay Jesus,
ipinamuhay nila ang kanilang pananampalataya at hinubog nito
ang kanilang Mundo at Kapaligirin.

Marami ang dumating dito
- Mga tao mula sa ibat-ibang bansa at kontinente -
para pagyamanin ang ating simbahan at lipunan.
Sa ating mga Parokya ay pinaglago ang paniniwala ng bawat
isa para sa pamayanan at kapwa tao.
Sa nagdaang Siglo ay ang mga monasteryo
naging ubod ito at pinagmulan ng Pananampalataya.

Nagpapasalamat kami sa mga biyaya na pinagkaloob mo sa
amin
at sa kaibuturan ng aming mga puso isinasamo naming ang
aming Diyosis ng St. Gallen sa yo.

Bigyan mo po kaming lahat ng pagmamahal at respeto sa bawat isa.
Manatili nawa sa amin ang hustisya at pagkakaisa,
na kung saan ang di pagkakapantay-pantay at pagtatalo ay lumilikha ng di paguunawaan.
Bigyan n'yo po ng lakas ang mga may pananagutan sa Politika at Lipunan,
upang magamit nila ang kanilang lakas para sa ikabubuti ng lahat.
Biyayaan mo ang mga may kapansanan, mga may sakit at mga matatanda ng Lipunan ng iyong pagmamahal.
Gabayan silang lahat ng mga Anhel sa langit.

Pagpalain nawa ang lahat na tumutulong sa Simbahan,
- Lalaki at babae -
na humuhubog sa aming mga parokya at pamayanan.

Pagpalain ang gawain ng aming mga Kaparian at Missionero
at bigyan sila ng bukas na puso at isipan para sa mga pangangailangan ng lahat ng tao.

Gabayan mo ang Diyosis ng St. Gallen sa Hinaharap
at protektahan ang lahat na naninirahan dito.
Hinihiling namin ito sa iyo - sa pamamagitan ni Jesucristo, aming kapatid.
Amen.

175 Jahre
bistum st.gallen